Magasin ng BAGONG Buhay
Linggo, Hunyo 17, 1951

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JUN 20 1951




*Ipinagkakapuring itanghal*
*ng TAMARAW STUDIOS, INC.*
*Sina*

**JOSE PADILLA, Jr.**
**PACITA FRANCISCO**

*Sa*

# DAHONG PALAY

Ka-bituin sina

SALVADOR ZARAGOZA
LUCAS PAREDES
LUIS VIZCONDE
AMELIA RILLO
PEDRO FAUSTINO
MATTY TORRES
At marami pang iba.

Kasaysayan at direksiyon ni
FELIX VILLAR

Direktor sa musika:
JOSEFINO CENIZAL

**DALISAY - Simula sa Hunyo 26 hanggang Hulyo 5**




Magasin ng
BAGONG BUHAY

Linggo, Hunyo 17, 1951

SA BILANG NA ITO:

"KUMARE, TAYONA SA ANTIPOLO!"

* * * * *

"MGA BALITA SA LARAWAN"

* * * * *

"IKAW AT ANG TALAMPAS"
(Kuwento)
ni Eduardo B. Reyes

* * * * *

"NANG MAGDAAN ANG DALUYONG"
ni Faustino Aguilar

* * * * *

"HINDI HUWAD"
(Kuwento)
ni Feliciano Evangelista

* * * * *

"GUNITA SA ISANG LUMIPAS"
(Kuwento)
ni Mateo V. Mendoza

* * * * *

"ANG BINABAE"
(Maikling nobela)
ni Antonio Ablaza

* * * * *

"LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN"
ni D. R. Iñigo

* * * * *

"DAHONG PALAY"
(Sa puting-tabing)

* * * * *

"PALAISIPAN"
ni Jose C. Payao


**KUWENTO SA LARAWAN**

# "Kumare, Tayona Sa Antipolo . . ."

**Sinulat at mga larawang kuha ni ED V. RAÑOLA**

"KUMARE, tayona sa Antipolo..." At bagama't hindi nakahanda, di nakatanggi si Kumare sa anyaya ni Komadre. Hindi naut-hang nagtagal, sila'y naglalakbay nang patungo sa bayang pinagdarayo ng marami kung mga buwan ng Mayo at Hunyo. Kasama nila si Kumpare at ang dalawang anak ni Komadre.

Habang nasa sasakyan, ang magkakasama'y masayang nag-huhuntahan: tungkol dito at hinggil doon. Nalilibang sila sa maririkit na tanawin ng bawa't pook na kanilang nararaanan, kaya hindi sila nakadama ng pagkainip at ang trak na kanilang sinasakyan ay tumigil na sa may pamilihang bayan ng Antipolo...




Kaiibis pa lamang nila sa sasakyan ay tumambad na sa kanilang paningin ang masáyang tanawin ng kapaligiran at ng mga taong buhat sa iba't ibang dako na parang agos na patungo sa simbahan. Di sinasadya'y may isang bagay na napag-ukulan sila ng pansin na siyang ikinatawa ng magkakasama. Isang lalaking nakasakay nila áng wáláng tigil nang pagtitig kay Kumare. At nang manaog ng sasakyan ay nagsuklay pa mandin gayong halos wala nang buhok ang makintab na ulo.

At lumakad na ang magkakasama... "Dini na kayo tumuloy..." ang anyaya ng may-bahay ng unang tahanang kanilang naraanan. At nagpaunlak naman sila. Mákálipas pa ang ilang sandáli, ang magkakasama'y muling nanaog upang magsimba. "Kain na kayo ale. Lobo, ale... Kandila kayo, ale..." at kung anu-ano pa ang sumasagi sa kanilang pandinig ..



Sa may patyo ng simbahan ay naghanay ang mga pulubi: may bulag, kuba, lumpo, pipi. Karamihan sa mga pulubing yaon ay nandarayuhan lamang sa Antipolo upang kumita nang malaki. Nang maraanan nila ang isang matandang pulubi, hindi nakatiis si Kumare. Nagbukas ng pitaka at inabutan ng dives. Naiwan sa likuran si Kumadre pagka't bumili ng maititirik na kandila. Samantala'y biglang nawala si Kumpare at hindi malaman kung saan nagsuot.




Halos "di-mahulugang-karayom" ang mga nagsisipagsimba. Nalalaganapan ng makapal na tao ang buong patyo at páligid ng simbáhan. Walang mátayuan ang magkumare. Umiiyak sina Totoy at Nene sa mátinding init ng araw. Nakisukob na lamang sila sa payong ng isang nagsisimbang may magandang kalooban. "Sayang at hindi pa tapos ang ipinatátáyong simbahan, disi'y hindi mahihirapan ang mgá tao sa pakikinig ng misa," wika ni Kumare. "Hayaan mo't sa tulong ng mga taong nagsisipag-abuloy nang kaya ay mátatápos din iyan," sagot ni Komadre.

Matapos makinig ng misa ay nagbalik na ang magkumare sa bahay na tinutuluyan. Sapagka't nakakaramdam na ng gutom, bagama't hindi pa rin sumisipot si Kumpare ay pinagsaluhan na nila ang baong kanin, adobong manok at halabos na hipon. "Hummm! talagang masarap kumain sa ibang bayan," ang wika ni Kumare. At halos naubos niya ang isang lagay ng kaning binalot sa dahong saging. Nang makapagpahinga ay namasyál ang magkumare. Habang daan ay patuloy na umaalingawngaw sa kanilang pandinig ang sarisaring tinig: "...kandila... lobo... kaba-kabayuhan... salakot... sitsaron... halohalo... pap korn... kalamay... suman..." Pagdating sa may gloryeta ay sinalubong sila ng isang lalaki. Nagulat pa ang magkumare! Subali't...

(TINGNAN ANG KABILANG PAHINA)



## Sa Larangan ng Digmaan sa Korea . . .



Ang batang makikita sa itaas ay isang ulilang koreano na tumakas buhat sa larangan ng digma sa Korea at ngayo'y nasa isang bahay-ampunan sa pulo ng Koje Do, sa pangangasiwa ng mga tauhan ng hukbo ng Nagkakaisang mga Bansa. Sa kabila ng mga sagwil at ng maigting na kalagayan ng digmaan, sinisikap niyang makapag-aral na mabuti ng leksiyon upang matuto at di mahuli sa kanyang mga kapanahon. (Mga larawang kuha ng International News Photo).



Ang mga bombang "napalm" ay itinuturing na isang "malupit na sandata" ng Magkakaanib laban sa mga komunista. Makikita ang isang himpilan ng mga pulahan sa Hilagang Korea na naging tila isang impiyerno nang bagsakan ng ilang bombang "napalm" ng mga aeroplano ng hukbong amerikano.




Simula nang sumiklab ang digmaan sa Korea, ang mga nars ng Hukbo ng Magkakaanib ay walang sinasakit kundi mapangalagaan ang buhay ng mga mamamayan. Makikita sa larawan ang isang batang koreanong nasugatan sa isang labanan malapit sa kanilang tahanan na nilalapatan ng lunas ng isang nars ng hukbong amerikano, samantalang matamang nagmamasid ang kanyang matandang ama.


## Alam Ba Ninyo?



**Mga PAGSIRKO sa HANGIN**

*NOONG UNA, ANG ISANG SIRKERO AY ISA LAMANG MANANAYAW SA LUBID AT WALA NA NANG LUMAON, ANG TAGURING IYAN AY NANGAILANGAN NG HIGIT NA MALAWAK NA KAHULUGAN: ISANG NAGTATANGHAL NG SARISARING PALABAS SA ALANGANIN, SA ARGOLYA, BARAS AT IBA'T IBA PA; ISANG SANAY SA PAGSIRKO-SIRKO O IBA PANG MAPANGANIB NA PAGTATANGHAL.*



**"OKLAHOMA A & M"**
**basketball type championship shoes**

Sa sirko, ang katatagan at tumpak na pagkuha ng oras ay siyang kinakailangan; nguni't sa sapatos na goma ay ang pinakahuling disenyo at ang itatagal sa pinakamahirap na daranasin sa mahabang paglalakad.

Gawing ganap ang inyong iskor sa pamamagitan ng JACINTO, ang sapatos na gomang nagdudulot ng pakiramdam na para kayong "UMAANGAT SA HANGIN" sa lahat ng oras!

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK · TEL. 2-67-67






## Mga Natatanging Panoorin



Ano ang ikinapapatigagal nina Carmen Rosales sa kaharap na mahiwagang lalaki...? (Madulang tagpo sa "HULING KONSIYERTO" ng Benito Bros. Pictures, ang naghandog sa madla ng hindi malilimot na "Irog, Paalam." Makikita sa larawan si Melisa Ibañez, bagong tuklas na bituin na inaasahang madaling tatanghalin sa langit ng mga aninong gumagalaw).



Isang alagad ng kabanalan ang nanganganib ang buhay sa kamay ng mga negritong nakahandang umutas sa kanyang buhay! (Kuha sa "DIEGO SILANG" ng Premiere na pinamamahalaan ni Gerardo de Leon. Itinatampok sina Jose Padilla, Jr., Leila Morena at Nena Cardenas).



"Walanghiya...! Hindi ko akalain...!" at akmang pagbubuhatan ng kamay ni Florentino Ballecer ang kinapopootang lalaki, samantalang tila may ikinapapamaang sina Lilia Dizon at Mario Montenegro. (Tagpo naman sa "DUGO NG DUGO" ng LVN na pinamamatnugutan ni Gregorio Fernandez).




# IKAW...

# At Ang TALAMPAS

NAG-ALIS KA ng bandana. Nilipad ng hangin ang iyong buhok. Natabingan ang iyong mga mata. Pinalis mo ang mga yaon. Naupo ka. Naigaya ka sa tanawin.

—Huwag na sana tayong umalis dito, —wika mo. Natawa ako sa iyo. Kung maaari nga sana!

Naupo ako sa iyong tabi. Gusto ko'y nasa tabi mo at lagi kitang kausap; huwag ka nang mawalay sa aking paningin.

Umirap ka sa akin. Dahil ba sa pagkakatawa ko? Sa pagtabi ko sa iyo? Hindi ka tumugon sa pagtatanong ng aking mga mata.

--Kay sarap mamangka! Kung nakapagdala ba tayo ng pampaligo, e! —Wika mo

Nagtining sa iyo ang paningin ni Aring. Nag-uusig ang kislap. Napatawa ka. Nguni't hindi nakita ni Aring ang pagkagahi ng iyong mga labi. Aniko (sa sarili lamang), kay ganda mo palang ngumiti.

Nang mahiga ka sa damuhan ay nakita ko ang iyong mga binti. Tinukso kita. Lalo kang napatawa. Akala mo'y hindi totoo ang sinabi ko. Animo'y nangangarap ako. Tinabingan mo ng bandana ang mga yaon. Nguni't binibiro ako ng hangin.

Napabangon ka nang marinig mo ang halakhak ni Victoria. Napatanaw ka sa kanilang pinagtatawanan. Napahalakhak ka rin. May taginting yaon na kumalat sa aking katauhan.

—Kay ganda mo palang halakhak! —Aniko.


Nagbanta ang iyong mga kuko. Naghintay ako. Nguni't may nakapigil sa iyong pagkurot. Nag-aalaala ka? —Kung ikaw ba't ako'y... —kusa kong ibinitin ang sumunod.

Napatingin ka sa akin. Nag-ugnay ang liwanag ng ating mga mata. Hindi ko mabasa ang liwanag na isinasaad ng iyong paningin. Nguni't batid kong nais mong unawain ang karugtong ng aking pangungusap.

Nguni't...

**Kaya nga isinulat ko ito. Nais kong sa pamamagitan nito'y mabatid mo ang sinabi kong yaon na hindi ko naruntungan. NaPakatorpe ko nga! Hindi mo naman ako masisisi. Ayokong sumugat ng damdamin ng kapuwa. Hindi ng damdamin mo. Buti nga kung damdamin mo. Yao'y muli kong mapaghihilom. Matatahi ng aking... Hindi ka marahil maniniwala.**

ni Eduardo Bautista Reyes



Napatungo ka. Dinamdam mo ba ang aking sinabi? Nagbaling ako ng paningin sa iyo. Nasulyapan ko ang iyong panyolito sa gawing balikat. Kinuha ko yaon. Napapitlag ka.

—Huwag, Rene!

Hindi ko ibinigay ang panyolito. — Akina 'to! —Sinamyo ko ang panyolito: mabango.

—Marumi 'yan! —Sumalit ang iyong pagtawa. —Hindi akin 'yan, kay... —napatigil ka.

Muling naglaro ang ngiti sa iyong mga labi. Gaano ko ninanasang makalangkap ng aking mga labi ang mga ngiting yaon! Gaano ..?

**Tuwi kitang makikita'y nakangiti ka. Kagabi'y nakita naman kita. Hindi nga pala kagabi lamang. Kanginang bago ako magsulat. Aywan ko kung nanunukso ka. O, kaya'y... Hindi! Yao'y guniguning takot lamang. Ayokong mawalan ng pag-asa. Ayoko! Malaki ang pananalig ko. Kasinlaki ng daigdig. Gayunding kalaki ang... Kaipala'y natatawa ka lamang. Akala mo kasi'y puro sinungaling ang mga manunulat. Batid kong ang paniwala mo'y salawahan ako. Gayon ang iyong paniwala—walang nagtatangi—sa lahat ng yumayakap sa sining. At bagama't nais kong sabihin sa iyong ikaw'y nagkakamali, pagibhasa'y hindi ka maniniwala, ay nagsawalang-imik ako. Napatawa ka sa inanyo ko. Biniro mo ako. Tinukso. Talagang larawan ka ng kawalang malay.** Bumuntot ang isang buntunghininga sa pagkakakipil ng aking labi.

—Ehemmm! —Napatingin ka kay Francisco at Teresa. Kinurot ni Teresa ang katabi.

Napatawa ako sa pamumula ng iyong mga pisngi.

Ang mga pisngi mo...!


Sana (kung magagawa ko) ay nahawakan kita sa magkabilang balikat; naitaas ang iyong mukha; naangkin ng aking pagnanais ang iyong mga labi; nasuob ng init ang mga pisngi mo; at nabigyang-liwanag ng aking damdamin ang iyong mga mata... at ako'y nangarap!

At kung ako'y mangangarap, sasabihin ko: Wala kang kasingganda; wala kang kasingtamis; ikaw ang aking daigdig; ikaw ang aking pangarap; ang kaligayahan ko, ang aking pag-ibig. At magpapatuloy ako: —Tignan mo... —sasabihin ko, —ganyan tayo... alon at pampang. Ikaw ang pampang at ako ang alon. Lagi akong magbabalik sa iyo, pagka't wala akong hangganan — kundi ikaw!

Nguni't ako'y umid. Bakit nga ba? Bakit kung ikaw ang kaharap ko'y nagtitining sa ilisang diwa ang lahat kong sasabihin — sa kawalan? Ano ang kapangyarihan mo? Sinamyo kong muli ang panyolito.

**'Ikamo sa akin: "Ginagamit NIYA ang panyolitong bigay mo, araw-araw." Talaga 'kamong, iniibig niya ako. Pero, sabi ko: "Sapat na ba 'yon para biguin mo ang aking pag-ibig?" Nangatwiran ka: "Magkaibigan kami". 'ika mo. Sabi ko naman: "Ma'no kung kaibigan mo SIYA?" Natawa ka. Sabi mo'y hindi ka makahahadlang sa kaligayahan ng iyong kaibigan. Kaya tugon ko: "Kahi't ba kayo magkapatid pa, e! At ilang beses kong sasabihin sa iyong ikaw ang iniibig ko?" Tumugon ka: "Alang k'wenta sa'kin kahit sabihin mong ako ang iniibig mo. Talagang...". Napatigil ka. Namuo ang pag-aalinlangan sa iynog mukha. "Ikaw ang bahala,' 'ikako, "balang araw e, malalaman mo rin kung gaano kita iniibig." Tumindig ako. Madilim sa labas ng inyong bintana. Walang bituin sa langit. "Laan akong magtiis, S...". Muli kang natawa. Tila sa akala**

(Buklatin sa pahina 19)



# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS.

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

Ganyan ang kanyang sinabi na pagpupuri sa pagkasilanganin, bagay na siyang pinag-uubusan ngayon ng mababangong kamangyang ng mga humahanga sa Hapon. Makikita sa hinaharap, kung dumating ang sandali ng dakilang pagsubok, kung bibig nga ng bayan ang kanyang ginamit o bibig lamang niyang sarili sa pagsasabing sabik na magtiis ang pilipino ng ano mang pagpapakasakit pa, maipagpatuloy lamang ng Hapon ang kanyang banal na gawain. Matagal-tagal na rin namang ang bayang hindi tinatanong at sinasangguni ay pinapagsasalita ng mga kumakatawan daw sa kanya at ang kailanga'y isang tunay na pagkakataong ikaliliwanag ng ganitong suliranin. Sa araw-araw na mga pangyayari, ang bayan ay may natututuhan at samantalang nagtatagal ang kalagayang ito, ay lalo namang nagtitining sa kanyang budhi at kalooban, ang mga akala at pala-palagay, na pagdating ng ukol na sandali ay kanyang panghahawakan sa paghatol.

Dapat itala rito, pagka't katotohanan namang nadarama, na gaano mang kaningning ang mga pagtatanggol na ginagawa ng mga nananalig sa Hapon tungkol sa mga banal at malilinis na adhika nito sa pagtatayo ng Lalong Malaking Asia sa Kasilanganan, na lalo pang tumpak marahil kung tawaging "Lalong Malaking Sabsaban sa Kasilanganan," ay hindi pinagpapapansin ng mamamayan. Pinakamalaking pala nang natatamo ng mga nagsusuob ng kamanyang ang isang mahiwagang ngiti at isang pagkikibit ng balikat, sapagka't ang bayan ay may ibang bagay na pinapansin ngayon, na lalo niyang minamahalaga: ang pagsasalat at pagkakamahal ng mga kakanin. Nalalaman ng bayan, na sa sukat abuting pagkagutom, ang "Lalong Malaking Asia' ay hindi gamot at lalo niyang batid na ang mga pagyayao't dito sa Tokyo, kahi't makapamit ng mga papuri at mga medalya ay hindi makapagpapamura ng bigas at ang mga ngiti at kindat ng Kanyang Kadakilaan, ang Emperador, ay hindi man lamang makapagpapababa sa halaga ng bangos; kaya't siya'y naghahanap ng gawa at hindi salita upang hangga't may panahon ang kakanin ay huwag magkulang.

Sa dinami-dami ng mga panukala, mga balak at mga tangka, na ang iba'y isinasagawa na at ang iba nama'y pinag-aaralan pa, sa nagkakasali-salimuot nang mga tuntunin at palakad upang mapaluwag di-umano ang kagipitang naghahari; sa hindi na mawawaan halos na mga utos ukol sa paghihigpit sa ganito o gayong pangunahing kailangan, ang tanging nadaramang kinalalabasan ay ang pagkamahal na lalo ng bagay na ibig mapamura. Tiwali, pabaligtad ang nangyayari at alin sa dalawa o hindi natutumpakan ang pag-uutos o hindi nalalaman ng mga nag-uutos ang dapat na gawin kung ano. Alin man sa dalawang dahilang ito ang tunay na sanhi, ang katotohanan ay iisa lamang at maliwanag: na kailanma'y hindi pinakinabangan at hindi pakikinabanagn ang mga pag-uutos ng dalawa, gaya rin ng kaguluhang ibinunga at ibinubunga ng kung dala-dalawa ang kapangyarihang ibig na makapaghari. Sinabi na nga ni Hesus: ang kay Sesar ay kay Sesar at ang sa Diyos ay sa Diyos. Dito ang nakakapinsala nang malaki, ang batis na pinagmumulan ng lahat ng sagabal at kaguluhan na saan di naman magbubunga nga ng pananalat, ay ang pagpupumilit ng mga hapon na igiit ang kanilang mga paraan, na sapagka't silanganin ay siyang anila'y mabuti, na hindi man lamang alintanahing na sa ibang bayan sila, na may ibang mga ugali at wani ang tagarito at sa pag-ilas sa kasalatan at paghihikahos, dapat maging guro ang pilipino at hindi sila.

Ang pinakamabuting bagay nga na kapaki-pakinabang at dapat isagawa sa lalong madaling panahon ng mga pinunong pilipino ay totohanin ang sinasabing kasarinlan na ipinagkaloob na sa Pilipinas, kumilos na malaya nang nag-iisa, maghubad ng pagpapakumbabang ipamimihasa sa pag-uutos ng mga ibig papanginoon, iwaksi ang kadunguang bunga ng napakasagwang pag-iingat, isaloob na mataimtim ang pagmamahal sa bayan, anuman ang mangyari; sa isang sabi'y magpakalalaki saan man makarating at anuman ang kahinatnan. Na ito'y hindi magagawa sa ilalim ng Republika, at sa pagtatangka pa lamang na gawin ay magpapaulan na ng lintik ang mga maginoong silanganin? Hindi kailangan, kung may pagtitiisan man ang bayan dahil sa ganito, ang kanyang pagtitiis ay mapapaukol sa isang karapat-dapat na bagay: sa bagong pamumuhunan ng mga pagpapakasakit dahil sa isang tunay na kalayaan.

Bilang karugtong ng mga naisalaysay na, sapagka't may kaugnayan namang talaga, na aking babanggitin ditong sadya kong kinausap ang Kabahala sa Pagsasaka at Pangangalakal na si G. Alunan, noong ika-22 nito, tungkol sa nangyayaring pagkagipit ng mamamayan dahil sa kamahalan ng bigas, na hindi na kamahalan lamang na matatawag kundi tunay na pagsasalat. Aking isinalaysay sa kanya, upang ihingi ng lunas, ang nangyayari sa aming 111 magkakapook na dating hindi kumukuha ng bigas sa Naric na ngayon ay hindi makakuha dahil sa sinasabing utos na galing sa itaas. At hindi lamang ito, kundi hiningi ko rin sa kanya ang pagkakaloob sa akin ng isang pahintulot upang makapagpakuha ako ng bigas sa aking lupa sa S. Jose del Monte, Bulakan, na kinalalagakaan ng ilang kabang palay, sa ani pang nagdaan, na ayaw ipahintulot sa aking makuha ko roon. Ang Naric din ang ayaw magpahintulot ng ganitong bagay dahil din daw sa utos na nagbabawal. Kaya ibig kong makakuha ng pahintulot ay upang huwag mapilit bumili ng bigas sa halagang napakamahal, na gaya nitong aming kinakain ngayon ay nagkahalaga ng P100.00 isang kaban at napamura pa ako dahil sa kakilala ang nabilhan. Ang iba'y bumabayad na ngayon ng hanggang P160.00.

Pagkatapos akong dingging mataimtim ni G. Alunan, isang mabuti kong kaibigan at kadamdamin, na sa panunumparan ko ng iba't ibang tungkulin sa dating Pamahalaan, ay di-miminsang nakatapatang loob, lalo pa noong Kalihim ako ng Senado at siya nama'y unuungos na kinatawan sa Batasang Bayan; ay walang nasabi sa akin kundi ang ganito:

—Sapagka't kaibigan kang mapagtatapatan ng tunay na nangyayari ay hindi ako sasagot sa iyong hinakdal. Iyo na lamang basahin ito— at sabay na kinuha sa isang kahon ng kan-

**Kuwento ni ANTONIO ABLAZA**

# Ang BINABAE

**(Karugtong)**

**NAPAGKILALA NI GRETA NA SIYA'Y ISANG SAWING-PALAD... KAYA MINARAPAT NIYANG HANAPIN SA KABILANG BUHAY ANG MARAMOT NA KALIGAYAHAN DITO SA BALAT NG LUPA!**



MAGBUHAT nang araw na masubukan ni Greta ang paguulayaw nina Doming at Dely sa Luneta ay malaki ang kanyang ipinagbago. Hindi na siya ang dating masayahin at palabiro. Sa tuwina'y natitigilan at wari'y may mga alalahaning gumugulo sa isipan.

Isang araw na muling dumalaw si Greta kina Doming upang makipaghuntahang gaya ng dati, ang binata ay may ibinalitang isang bagay na lihim na sumugat sa puso ng binabae.

—Greta, batiin mo naman ako, —masayang wika ni Doming. —Ibinabalita ko sa iyo na malapit na akong lumagay sa tahimik. Pakakasal na kami ni Dely.

Hindi nakasagot si Greta. Nakagat ang mga labi, at sa hindi malamang sanhi ay biglang tumayo at walang paalam na lumisan.

Napamaang na lamang ang binata. Hindi niya malaman kung bakit nagkagayon ang kaibigan. Nguni't nagkibit na lamang siya ng balikat.

Samantala, si Greta ay nagtungo sa isang bar at uminom nang uminom ng alak. Nais niyang limutin ang sa ganang kanya'y mapait na katotohanang ipinagtapat ni Doming Diyata't ikakasal na sina Dely at Doming: Paano ngayon ang kanyang pag-ibig? Ah, hindi yata niya matutulutang agawin sa kanya ng ibang pag-ibig ang puso ng binatang pinakamahal na niya sa mula't mula pa. Nguni't ano ang kanyang magagawa! Ipinagtapat na sa kanya ng binata ang bagay na iyon, at marahil ay hindi na mahahadlangan ano man ang mangyari. Kaya nga ang mapait na kasawiang kinahantungan ng kanyang kapalaran ay nilulunod na lamang niya sa espirito ng alak.

Gabi na nang maisipang umuwi ni Greta sa kanilang tahanan. Bagama't marami siyang nainom na alak ay unti-unti nang lumilipas ang bisa niyon sa kanyang katauhan. Sa may pagliko ng huling lansangang patungo sa kanilang bahay ay nakita niya si Doming at ang ilang kaibigan nito na naghuhuntahan sa isang tindahan ng Intsik. Binati siya ni Doming, kaya nais man niyang magtuloy na sa kanilang tahanan ay tumigil siya upang makipag-usap.

Nguni't hindi pa siya nagtatagal na nakikipaghuntahan kina Doming ay sa lalapit ang ilang lalaking sa mga ayos ay mapagkikilalang mga lasing. Paragasang nagsipasok sa tindahan ng intsik at palibhasa'y nakasandal si Doming sa may pinto ng tindahan ay nabangga siya ng isa at muntik nang mabuwal.

—Dahan-dahan naman kayo mister... —wika ni Doming.— Hindi na ninyo tinitingnan ang inyong linalakaran!

Naging sapat ang sinabing iyon ni Doming upang magalit na ang lalaking nakabangga. Tinungayaw kaagad si Doming hanggang sa nang magkasagutan ang dalawa ay nauwi na sa labulabo. Pati na si Greta ay naparamay at nakipagpamook na rin nang makitang si Doming ay nasapol ng suntok ng isa sa mga kaaway.

Nang dumating ang ilang alagad ng batas at mapayapa ang kaguluhan ay isa sa mga kalaban ni Doming ang nakita na lamang nakabulagta, may malalim na sugat sa kaliwang dibdib na likha ng isang patalim at naliligo sa sariling dugo.

Nang gawin ang pagsisiyasat ay si Doming ang napadiin at naparatangan ng mga maykapangyarihan. Siya ang itinuro ng mga nakaaway na siya umanong sumaksak sa napatay na kasama.

At nang gawin ang paglilitis sa hukuman, bagama't matigas ang pagtanggi ni Doming na hindi siya ang nanaksak sa lalaking napatay, ay walang nagawa ang panig ng pagtatanggol. Ang mga katibayang iniharap ng pag-uusig ay pawang laban sa binata at nagpapatunay na siya nga ang nakamatay. At dahil doon, nahatulan siyang mabilanggo ng sampung taon.

Gayun na lamang ang sama ng loob ni Doming. Paano'y talagang hindi siya ang nakamatay. Nalalaman ng Lumikha na iba ang may kasalanan bagama't hindi niya maturol kung sino sa kanilang magkakasama.

Nang dumalaw si Dely sa bilangguan makalipas ang ilang araw na pagkakapiit ni Doming ay gayon na lamang ang panangis ng dalaga. Nagkataong dumalaw rin kay Doming si Greta nang araw na iyon, at kitang-kita pa ng binabae na nagyakap ang magkasintahan.

—Doming, mahal ko! —lumuluhang wika ni Dely. —Hindi ko akalaing dito humantong ang ating pag-iibigan! Oh, Doming!... Doming!... Kay lupit sa atin ng tadhana!

—Huwag kang lumuha, mahal ko! —wika naman ni Doming bagama't nangingilid na rin ang luha sa mga mata. —Ito ang itinadhana sa atin ng Lumikha, at napakasakit man sa ating kalooban ay wala tayong magagawa kundi tanggapin nang maluwag sa puso! —Pinisil-pisil ni Doming ang mga palad ng kasintahan at ang muling wika: —Nguni't ito ang tandaan mo, Dely. Bagama't tayo'y nagkakalayo... gaano man katagal ang panahong mamagitan sa ating dalawa, pakaasahan mong hindi ako magbabago! Ikaw pa rin ang aking iibigin at pakamamahalin hanggang sa huling sandali ng aking buhay!

—Ako man ay gayundin, irog ko! —wika ni Dely. —Sa kabila ng lahat, ano man ang kahinatnan ng ating kapalaran sa mga araw pang haharapin, maasahan mong hindi rin magmamaliw ang pag-ibig ko sa iyo! Iibigin kita, Doming, hanggang sa labi ng aking libingan!

—At tuluyan nang yumapos ang dalaga sa lumuluha na ring binata.

Hindi natagalang pagmalasin ni Greta ang tagpong yaon. Sa kabila ng malungkot na tanawing kanyang namamalas ay nangingibabaw sa kanyang damdamin ang lakas ng panibugho. Minamahal rin niya si Doming —tulad ng pagmamahal ng sinumang babae sa lalaking pinakaiibig — kaya ang nasasaksihan niyang tagpo ay halos gumutay sa kanyang puso. At nang mga sandaling iyon ay namulat si Greta sa isang malinaw na katotohanan: siya'y isang baliw! Isang hangal na kusang napaaalipin sa isang hibang na pananalig at paniniwala! Ano man ang mangyari ay hindi maaaring magtamo ng kasiyahan ang pag-ibig niya kay Doming sapagka't siya'y isa ring lalaki — sa tunay na diwa at kahulugan ng katagang lalaki! Matapat na namalas rin niya nang mga sandaling iyon na si Doming ay hindi ukol sa kanino pa mang babae, maliban sa kay Dely na siyang ganap na magmamay-ari, magpakailanman, sa puso at pag-ibig ng binata.

Lumapit si Greta sa dalawa at mapanglaw na nagpaalam. Nguni't bago siya tuluyang umalis ay hinawakan niya ang isang kamay ni Doming at ginawaran ng isang halik. Nangingilid ang luha sa kanyang mga mata. Bago nakapagsalita ang napamaang na magkasintahan ay malayo na si Greta.

Kinabukasan nang araw na iyon, si Greta ay natagpuan na lamang bangkay sa kanyang

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

**ni D. R. IÑIGO**

Ang gusali ukol sa mga kawani ng Stanvac, laluna ng nasa terminal sa Pandakan ay pinasinayaan sa pamamagitan ng idinaos na parangal kamakailan. Ito ay sinaksihan ng mga pinuno at kawani ng samahan na pinangunguluhan ni S. W. G. Lehman, pansamantalang tagapamahalang pangkalahatan; A. M. Marks, tagapamahala ng pakikisama sa mga kawani; W. P. Barclay, superintendente ng terminal sa Pandakan at I. Blanco, na siyang naging guro ng palatuntunan.

Ang gusali ay may mga balangkas na asero at nasa likuran ng tanggapan ng terminal. Ang loob ay kinabibilangan ng malaking bulwagang kainan ng mga kawani, dito ay may mga kaluwagan sa pagdudulot ng mainit at malamig na pagkain.

Hiniling ng Philippine Electrical Manufacturing Company at ng Philippine Paper Mills kina Pansamantalang Kalihim Saturnino Mendinueto ng Kalakal na lubos na ipagbawal ang pagangkat ng mga bombilya ang una at ng 'chipboard' ang ikalawa.

Hiniling din kay Pangalawang Pangulong Fernando Lopez, sa pagka kalihim nito ng pagsasaka at likas na kayamanan, na patunayan ang pangangailangan na ipagbawal ang pagangkat ng tinurang produkto, gaya ng itinatadhana ng seksion 7 ng batas sa kontrol o ng batas blg. 426 ng republika. Ang batas na ito'y nagtutulot sa dalawang kalihim na mabawasan o maragdagan ang inaangkat na mga panindang saklaw ng kontrol.

Nais ng samahan sa elektrisidad na ipagbawal ang pagtatambak dito ng mga bombilya, sinabing ang nayayari rito ay sapat na makatugon sa pangangailangan ng kapuluan. Ang mga bombilyang ninanais laluna, na ipagbawal ay ang mga may "watt" na 115 at 330.

Ang kahilingan ng Philippine Electrical Manufacturing Company ay iniharap ni Fernando E. V. Sison, pangalawang pangulo ng samahan.

Hiniling ng samahan sa paggawa ng papel na pinamumunuan ni Alex Adamson, sa pamamagitan ng sulat na nilakipan ng mga muestra ng mga produkto ng kanilang korporasyon, na ang pamahalaan ay dapat na gumawa ng hakbang upang makalinga ang mga industria rito.

---

Itinatag kamakailan ang Philippine Tourist Association at ito'y inaasahang makapagpapasigla sa industria ng turismo sa kapuluan.

Ang Philippine Promotion Bureau (Philprom), isang tanggapan sa anunsio sa Maynila, ay siyang nahalal na pangulo ng lupon sa palatuntunan sa ibang bansa ng kapuluan.

Sa pangkat ay kabilang ang Philprom na kinatawan ni F. A. Novesario, tagapagpaganap sa kuenta, Reliance Travel Service, kinatawan ni I. M. Estacio, tagapamahala: National Development Company, kinatawan ni Nitorreda, pinuno sa pakikisama sa madla; Tourist World Service at Northwest Airlines, na kinatawan ni A. L. Dudley, tagapamahala sa pagbibili sa Pilipinas.

---



*Kuha ito sa "cocktail party" ng Borja Hermanos. Mula sa kaliwa: Jose C. Borja, pinunong tagapagpaganap ng tindahan ng mga hiyas; Carlos Velayo ng Velayo Jewelry Store at Manuel Borja, isang aksionista sa Borja Hermanos. Ang samahan ay siyang nagkamit ng unang gantimpala sa murang pagpapaanunsio ng Advertising Club of the Philippines.*

Ang General Insurance and Surety Corporation ay nagpugay sa madla at si G. Gonzalo P. Nava ang pangulo at tagapamahalang pangkalahatan Ito ay tinulutang makapamuhunan ng dalawang angaw na piso.

Ang mga iba pang nakatulong nang malaki sa pagkakatatag ng korporasyon ay sina Dr. Baldomero Roxas, Abugado Julian C. Singson, Vicente Singson, Jr., Pedro Angulo, Guido F. Advincula at Federico S. Nava.

Ang bagong samahan ay mangangalakal ukol sa seguro, bono, magpapautang at mamumuhunan.

---

Babaguhin ang mga paraan ng paggawa ng sapatos na goma at ng mga gulong ng automobil, alinsunod kay Don Carlos Geronimo, pangulo at tagapamahalang pangkalahatan ng El Porvenir Rubber Products, Inc., na dumating kamakailan buhat sa dalawang buwang paglalakbay sa Estados Unidos. Siya ay dumalaw sa mga bantog sa daigdig na laboratoryo sa pananaliksik at nag-aaral ng mga bagong paraan sa paggawa ng mga tinurang kagamitan.

---

Pinagtibay ng komisyon ng seguridad at pamilihan ang palatuntunan ng Philippine Lumber Producers Association, Inc.

Ang mga sumusunod ang siyang nagpatala na mga inkorporador: Antonio de las Alas, H. C. Pope, Carlos P. Fernandez, A. W. Robertson, Tomas B. Morato. Luis J. Reyes at M. Diaz.

Pinalawak ang mga layunin ng samahan upang mapalawak ang pangangalakal sa pagluluwas at ang pagpapaunlad sa paggawa ng tabla sa Pilipinas, sa pamamagitan ng paggamit sa tala at tulong ng mga tanggapan ng pamahalaan na siyang nangangasiwa sa sangay na ito ng industria.

Sasakitin ng samahan na itaguyod ang isang malawak na palatuntunan upang matiyak ang pagluluwas sa Estados Unidos, Hapon at sa iba pang bansa ng mga tablang may matataas na uri, sa pamamagitan ng pagsasakatuparan sa mabibisang hakbang na naglalayong pangalagaan ang mabuting pangalan ng matitigas na kahoy ng kapuluan.

---

Sa sulat na ipinadala sa kagawaran ng kalakal at industria ay ipinatalastas ng The Corn Products Refining Company sa Estados Unidos, ang hangarin na magbukas dito ng isang sangay upang gumawa ng 'glucose.' Ninanais ng samahang matalos ang nauukol sa pabuwis, kautusan at mga iba pang bagay na may kaugnayan sa balak.

Ang samahan ay may apat na pabrika sa Estados Unidos at 12 sangay sa iba't ibang bansa. Ito ay nakagagawa ng 50 porsiento ng 'glucose" na kinakailangan sa Estados. Ito ay may 40 taon na karanasan sa paggawa ng ganitong panangkap.

Gayon man, ipinagunita ng mga ibang lipunan na katatatag lamang ng Glucose Corporation of the Philippines at na sa unang yugto na ng paggawa ng tinurang produkto.

Ipinalalagay ng mga pinuno nito na matutugunan nila ang pangangailangan dito at hiniling ng samahan kina Pansamantalang Kalihim Saturnino Mendinueto ng Kalakal at Pangalawang Pangulong Fernando Lopez na siya ring kalihim ng pagsasaka at likas na kayamanan, na ipagbawal ang pagangkat ng 'glucose.'

---

Mahigpit na tinututulan ng ilang panaderya ang balak ng tanggapan ng pag-uugnay sa kabuhayan na pilitin ang mga mangangalakal ng arina at ang mga may panaderya na gumamit ng kamoteng-kahoy sa kanilang mga produkto.

Itinagubilin ang balak sa layong mapasigla ang pagtatanim ng kamoteng-kahoy at mabawasan ang inaangkat na arina.

Sinabi ng mga tumututol na ang kamoteng-kahoy ay walang gaanong 'protein' na tulad ng arina at hindi gaanong masarap pa. Ipinangangamba na baka hindi mabili ang mga kakanin o tinapay na niyaring may kahalong arina ng kamoteng-kahoy.

## Hindi Huwad

(Karugtong ng nasa pah. 10)

isang marangal na kabyak ng puso.

—Nguni't mama, —tutol ni Lydia, —hindi ko siya iniibig. Ang itinitibok ng aking puso ay si Nardo. Bagama't siya'y isa lamang dukha ay natitiyak kong sa kanya ko matatagpuan ang lubos na kaligayahan.

—Nalalabuan ka lamang, iha, —wika ng ina. —Ang kaligayahan ay hindi sa pag-ibig lamang natatagpuan. Sa bunton ng salapi at karangalan higit na nalalasap ang tunay na kaligayahan. Ano na ang pag-ibig, kung masasadlak ka naman sa isang abang kalagayan na kung minsa'y halos bahagya nang makaraos sa oras? Saka anong karangalan ang tatanggapin mo sa piling ng isang pintor na kung hindi gumuhit ay walang ikabubuhay?

Bagama't nais pang sumagot ng dalaga ay nagsawalang-kibo na lamang. Wala siyang maapuhap na panalo sa gayong mga paliwanag ng ina.

Isang araw ay naisipan ni Donya Felisa na magsimba sa Kiyapo. Isinasama niya si Lydia, nguni't palibhasa'y may mahalagang bagay na pinagkakaabalahan sa loob ng tahanan kung kaya hindi na napilit. Subali't sa kasamaang-palad, nang si Donya Felisa ay tumatawid sa lansangan ay natumbok siya ng isang humaharurot na sasakyan. Nagkagulo ang mga tao at sinaklolohan ang matandang babae. Palibhasa'y hindi naman gaanong nasaktan at nagkaroon lamang ng ilang galos sa katawan, si Donya Felisa na ang kusang nagtungo sa pagamutan sa mungkahi na rin ni Lydia na kabilang sa mga unang sumaklolo. Napahatid sila sa North General Hospital pagka't wika nila'y higit na matitingnan doon si Donya Felisa. palibhasa'y nangingibig kay Lydia si Doktor Reynaldo na handang maglingkod sa kanila sa lahat ng oras. Subali't laking pagkabigo! Nang ipagtanong ng mag-ina ang pangalan ng Doktor ay nagkatawanan na lamang ang mga nars.

—Ang taong hinahanap ninyo ay hindi po Doktor sa pagamutang ito. Ang Reynaldo Baldo na tinutukoy ninyo ay isa lamang tagapaglingkod dito, na kahapon lamang pinalayas ng direktor dahil sa mga pagkukulang at kapabayaan sa kanyang tungkulin.

Napamulagat na lamang ang mag-ina sa katotohanang iyon na kanilang natuklasan.

Matapos malapatan ng kaukulang lunas ang mga galos at pasa sa katawan ni Donya Felisa ay pinauwi na rin ang matanda. Umuwi silang magkaiba ang damdaming kinakalamay sa sarili. Si Lydia ay masaya pagka't nabatid na nila ang katotohanan ukol sa katauhan ng palsipikadong doktor at ngayo'y wala nang magiging kaagaw sa kanyang pag-ibig ang napupusuang si Nardo. Samantala'y nalulungkot naman si Donya Felisa pagka't kung nagkataong nahimok niya ang anak na tanggapin na ang iniluluhog na pag-ibig ni Reynaldo ay lalong malaking kahihiyan ang kanilang sinapit.

Kadarating pa lamang nila sa sariling tahanan ay sa kakatok naman sa pintuan si Nardo. Kauuwi lamang noon ng binata buhat sa isang mahalagang lakad, at nang mabatid ang nangyaring sakuna sa ina ng kanyang minamahal ay madaling lumipat.

Kaiba sa kanyang mga unang pagdalaw kay Lydia, noon lamang niya napansin ang masaya at malugod na pagtanggap sa kanya ni Donya Felisa. Hinawakan pa siya nito sa bisig at pinaupo sa bulwagan matapos sabihin sa anak na mag-ayos-ayos naman ng buhok at may panauhin.

Pagkatapos malaman ng binata ang mga nangyari at nang mabatid na hindi naman pala gaanong nasaktan si Donya Felisa, ay masayang hinarap na ang kanyang nilalangit. Si Donya Felisa naman ay tumalikod na at kumindat pa sa anak na tila may ibig ipakahulugan.

Nang lumabas sa kusina si Lydia upang ipaghanda ng inuming pampalamig si Nardo, ay palihim na nilapitan siya ng ina at ang nakangiting wika:

—Patawarin mo na sana ako, anak, sa aking kamalian nang mga nagdaang araw. Kung mag-aasawa ka rin lamang, ang nais ko'y si Nardo na ang iyong piliin sapagka't siya'y tunay na lalaki at HINDI HUWAD!

Isang halik sa pisngi ang isinukli na lamang ng dalaga sa gayong tinuran ng ina. (X)


**Lubhang dalisay... lubhang nakapagpapalamig**




**Danasin ang *Pananabik ng Panlasa* sa pamamagitan ng *Royal Tru-Orange***


**Isinabotelya ng ROYAL SOFT DRINKS PLANT—Ari at Pinamamahalaan ng SAN MIGUEL BREWERY**

PAHALANG

1. Mabunying estadistang anak ng Sebu
3. Bayang sinakop ng parakaydista ng UN sa Korea
8. ...Dizon
12. Adel...
13. Pinihit
16. Laganap
17. Halina
18. Sabihin (huling pantig)
19. Disin
20. Y na hinunlapian
21. Walang lakas
22. Nakaraan
24. Alipin ng pananamba
28. Nadale sa ulo
30. Mga kabig na tagapagtanggol
31. Magandang pangalang babae
32. Talyasi
34. Tagpi
36. Paraw
38. Itatagpi
40. Bulkan sa Luson
41. Saluk
42. Pagdiringas (gitnang pantig)


**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES
7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay, Quiapo
10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta


## Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY




43. Batid
47. Tagapangulo ng PNRC
48. Umay
49. Pangalang babae
50. Pansarili, tayutayo
52. Ina
53. Nilang
54. Pangko
55. Hindi isinama

PABABA

1. Dahong panimpla
2. Bangay
3. Taguri sa mapagsamantala ng di-ari
4. Hangad
5. May basag
6. Unang lalaki
7. Napatid
9. Hinto (huling dalawang titik)
10. Dalumat
11. Isinilang
13. Patalim ng baril
14. Isinabog
15. Pagkaing blg 1 (huling pantig)
23. Mabangong bulaklak
25. Apula
26. Mga pulo sa Sulu
27. Isasagupa
29. Atungal
33. Baligtad
35. Itawang bahagya
37. Katulong ni Dulles
39. Kikibo
42. Taguri sa bayani
44. Kambas
45. Ugali
46. Buwang tinatampukan ng esmeralda
48. Tali ng trumpo
51. Panlapi

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan









## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Hunyo 3

1. *Silvio Leoncio* — Pulo, Barihan, Malolos, Bulakan.
2. *Gng. Angela S. Baza* — Gen. Mascardo, San Antonio, Kabite.
3. *Emiliana Cardenas* — Pulong Gubat, Bigaa, Bulakan.
4. *Simplicio Santiago, Jr.* — 1956 J. Luna, Tundo, Maynila.
5. *Mamerto B. Punzalan* — Candelaria, Quezon.

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.


Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. * Ang mga nanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)



"KUMUSTA ANG DALAGANG NAYON?"—Si Pacita Francisco samantalang kinakausap nina Salvador Zaragoza, Lucas Paredes at Luis Vizconde.

# Hahangaan Ang Kariktan Ng Pelikulang "Dahong Palay"



"ANG DIYOS AY SUMAINYO." Si Lucas Paredes, sa papel ng isang alagad ng kabanalan.

ANG kauna-unahang pagtatambal nina Jose Padilla, Jr. at Pacita Francisco ay masasaksihan sa pelikulang "Dahong Palay" ni Felix Villar na buong karangalang inihahandog ng Tamaraw Studios, Inc. sa madla. Ang pelikulang ito'y lubhang makasaysayan kung pagbabatayan ang mga hindi pangkaraniwang pangyayari, sapagka't dito nagsimula ang lahat ng tinatawag na "una"... unang direksiyon ng may magandang kinabukasang direktor na si Felix Villar, unang handog ng Tamaraw Studios, Inc. at unang pagtatambal nina Pempe Padilla at Pacita Francisco. Magugunita na si Pacita o si Pacy ay siyang bituing kinalugdan sa pelikulang "Kumakaway Ka Pa, Irog" samantalang si Pempe naman ay siyang nagtagumpay sa pelikulang "Bahay Na Tisa."

Ang dulang pampelikula ng "Dahong Palay" ay may tatlong taong inihanda upang magawang alinsunod sa talagang *idea* ng sumulat na si Felix Villar at ang mga tauhan ay talagang iniangkop sa karakter ng mga bituing nagsisiganap sa ikaririkit ng kaganapang sadyang hinihingi sa kuwento. Isinapelikula ito sa malawak na estudyo ng Tamaraw sa Polo, Bulakan.

Ka-bituin sa pelikulang ito sina Salvador Zaragoza, Lucas Paredes, Luis Vizconde na kasama sina Pedro Faustino, Matty Torres at marami pang mga tanyag na artista sa putingtabing. Si Josefino Cenizal ang direktor sa musika Itinatampok sa pelikulang ito si Amelia Rillo.



"MAY NANGYARI 'IKA NINYO." Nagbabalita sina Romana Palma at J[illegible] kina Matty Torres, Salvador Zaragoza, L[illegible] P[illegible] at Jose Garcia.



Sina Jose Padilla, Jr. at Luis Vizconde sa isang tagpo ng pagsusukatan ng lakas.

## Ikaw . . .

(Karugtong ng nasa pah. 7)

io'y hindi ko matutupad ang sinabi ko. Isa-isang bumagsak sa baytang ng inyong hagdanan ang aking mga paa... mabibigat at tila may pataw. Nilingon kita. Nakatayo ka pa rin sa tabi ng durungawan. Tinitingnan mo ako. Inihahatid ng pananaw... hanggang hindi na kita makita sa pagtabing ng punong kawayan sa iyong katahan.

Kasabay ng pagtindig mo'y tumindig na rin ako. Ngayo'y nagkatabi na sa pagkakaupo sina Teresa at Aring. Kapuwa sila umaawit. Malungkot ang kanilang awitin. Umiiyak si Aring. Nagtataka ako. Aniko'y baka sila nasasawi. Kay lungkot pala — kung ganoon — ang masawi. Gayun pala... Nais ko tuloy ibulong sa iyo: Kung ako'y masasawi ay doon din ako aawit; doon ako magbubuntunghininga; doon ako luluha; doon ko guguni-gunitain ang ating kahapon; doon ako magtitika at doon ko tatapusin ang... hindi nga pala! Bakit ba doon? Hindi ba may talampas din akong mapagsasadlakan ng aking kasawian — sa dibdib mo? Kumimbot ang aking mga labi. Hindi mo naunawaan ang kahulugan noon.

At tayo'y lumisan sa pook na yaon...

Nagkahiwa-hiwalay tayo.

Namagitan ang maraming pangyayari sa atin.


Kabapo'y tinanggap ko ang liham mo. Dali-dali kong binuksan. Baka 'kako binigyang-wakas mo na ang aking paghihintay. Nanginginig ang aking mga kamay nang punitin ko ang dulo ng sobre. Iniladlad ko ang liham. Maiksi lamang. Tinunghan ko. Napabuntunghininga ako. Nagsikip ang aking dibdib. Hindi ako makahinga. Bumagsak sa hapag-susulatan ang aking mga kamay. Hawak pa rin ang liham... ang liham mong bahagyang nalukot sa pagkakasaklot ng aking mga daliri. At muli akong napabuntunghininga. Naalaala ko ng salagimsim na dumalaw sa akin sa talampas na ating pinagpahingahan nang hapong yaon. Nais kong mapasigaw. Nais kong umawit... katulad nina Teresa at Aring. Nguni't walang sigaw na pumulas sa aking mga labi; walang luhang pumatak sa aking mga mata... at walang awit na ipitlag ang tinig na unti-unting bumabagal sa tibok ng aking puso, bagama't nakabuka ang aking mga labi.

... dalaga ako. Aabay ako.

Lumigaya ... KAYO! (X




# *Kung ang inyong hangad ay kagandahan...*



**Magkamit ng malambot, makinis na kutis sa inyong unang pastilya ng Camay!**

**"Ukol sa kagandahan....nagtitiwala ako sa kutis-Camay. Wala nang higit na kaibig-ibig!" ani Dolores Crescini.**

*Sa Inyong Unang Pastilya Ng Camay*— matutuklasan ninyo na ang kagandahan ay mapapasainyo . . . sa pamamagitan ng higit na kaibig-ibig na kutis . . . at ang inyong kutis ay magiginq sukdulan ng kaibig-ibig sa tulong ng Camay. Kayat huwag mag-abala. Subukin ngayon ang Camay. Madadama ninyo na ang pinabangong bula nito ay talagang mabisa.






*Camay Pa Rin Sa Inyong Paliligo!* Katangi-tanging pinabango, ang Camay ay pananatilihin kayong maganda at kaibig-ibig. Malaon na kayong nakapaligo, ang kabigha-bighaning bango ay nananatili pa rin . . . isang mahinhing bango na nakaaakit sa kalalakihan.

**ANG SABON NG KAGANDAHAN**

Kasuutan — Kay Aurelia    Alahas — Kay Heacock's. Si Dolores Crescini ay lumalabas sa "Dr. Ramon Selga" ng Sampaguita Pictures.